Republika ng Pilipinas
Kagawaran ng Edukasyon
Pambansang Punong Rehiyon
SANGAY NG MGA PAARALANG PANLUNSOD
Lungsod Quezon, Kalakhang Maynila

Hulyo 28, 2011

**MEMORANDUM PANSANGAY**

Para sa: Pangalawang Tagapamanihala
Pansangay Tagamasid / Koordineytor
Punongguro ng Elementarya at Sekundarya
Nanunungkulang Puno sa mga Paaralan

**PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKA SA LUNGSOD QUEZON**

1. Bilang pagsunod at pakikiisa sa Proklamasyon Blg. 1041 s. 1997 na nagpapahayag ng taunang pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa tuwing Agosto at sa pangunguna ng Komisyon ng Wikang Filipino (KWF), magkakaroon ng Pambungad at Pampinid na Palatuntunan, mga iba't ibang patimpalak sa bawat paaralan ng Sangay na may kaugnayan sa paksang-diwa sa taong ito na "Ang Filipino ay Wikang Panlahat, Ilaw at Lakas sa Tuwid na Landas."

2. Kaugnay rin po sa pagdiriwang na ito, magkakaroon ng pangwakas na gawain ang mga mag-aaral sa Elementary at Sekundarya na magkasama at gaganapin sa Bulwagan ng Lungsod Quezon sa ika-26 ng Agosto mula 8:00 n.u. Hanggang 5:00 ng hapon.

3. Ang mga piling punongguro at ilang guro ng Elementarya ay gaganap na Lupon ng Inampalan sa mga patimpalak ng Sekundarya at ang mga piling puno ng Kagawaran ng Filipino naman sa Sekundarya ay maging hurado sa mga patimpalak ng Elementarya.

4. Inaasahan na nakasuot ng Filipiniana ang lahat ng tagapagsanay, punongguro, puno ng Kagawaran at mga guro na dadalo sa Agosto 26, 2011.

5. Kalakip nito ang mga Pamantayan sa Timpalak at mga napiling Lupon ng Inampalan, bilang patnubay sa maayos at matagumpay na pagsasagawa ng iba't ibang paligsahan.

6. Inaasahan ang madalian at malawakang pagpapahatid ng memorandum na ito.

**YOLANDA C. ARCO**
Chief Administrative Officer
Officer In-Charge
Sangay ng mga Paaralang Panlunsod
Lungsod Quezon

Division of City Schools, Quezon City, SY 2011-2012

**PAMANTAYAN SA GALING SA PAGBASA PARA SA GRADE 2**

1. Bawat Congressional District ay magpapadala ng isang kalahok na nagwagi sa eliminasyon.
2. Isang Kwentong Pambata ang babasahin nang tahimik sa loob ng isang minuto.
3. Ang babasahin ay binubuo ng 50 hanggang 60 sa salita.
4. May tatlong uri ng mga tanong:
   1) Limang tanong para sa madali
   2) Lima sa katamtaman
   3) Llima rin sa mahirap.
5. Kailangang matapos sagutin nang pasulat ang mga tanong sa loob ng 15 minuto.
6. Isang puntos sa bawat tanong. Titik lamang ang isusulat.
7. Ang bawat tanong ay may pagpipilian.
8. Kung sakaling may magkapareho ng puntos, bibigyan sila ng "Clincher" na tanong at ito ay walang pagpipilian. Buong salita ang isusulat. Maling baybay, walang puntos ang sagot.
9. Ang gantimpala ay ayon sa pinakamataas na puntos.

**PAMANTAYAN SA PAGSASAGAWA NG TAGISAN NG TALINO PARA SA GRADE 3, GRADE 4, AT SEKUNDARYA**

1. Bawat Congressional District ay magpapadala ng isang pangkat mula sa grade 3, at grade 4 na binubuo ng tigatlong kalahok na nagwagi sa eliminasyon para sa Elementarya at isang kalahok sa bawat paaralan sa Sekundarya.
2. Binubuo ito ng tatlong bahagi: madali, katamtaman at mahirap.
3. Ang mga tanong sa madali at katamtaman ay pawang may pagpipilian. Titik lamang ang kailangang sagot.
4. Ito ay binubuo ng tiglilimang tanong sa bawat bahagi.
5. Ang bahaging mahirap, walang pagpipilian. Buong sagot ang dapat isulat. Kapag mali ang baybay, ito'y hindi tatanggapin bilang tamang sagot.
6. Ang madali ay sasagutin sa loob ng 10 segundo, ang katamtaman ay sasagutin sa 15 segundo at ang mahirap ay 20 segundo sa bawat bilang.
7. Ang puntos para sa bawat bahagi: madali – 5 puntos, katamtaman-10 puntos, mahirap --15 puntos
8. Babasahin nang mabagal ang bawat tanong ng dalawang beses.
   SAKA PA LANG SUSULAT NG SAGOT PAGKATAPOS SABIHIN NG GURO ANG "GO".
9. Hindi maaaring magpaliwanag ang guro ng timpalak kapag hindi maintindihan ng kalahok ang tanong.
10. Lahat ng kalahok ay magtataas ng kamay pagkatapos sabihin ng guro na "time is up."
11. Kung sakaling may magkapareho ang puntos, magkakaroon ng "Clincher" na tanong. Ang unang makatatama ay siyang hihiranging nanalo.
12. Ang tatlong pinakamataas ang puntos ang tatanghaling nanalo sa timpalak.
13. Ang lahat ng kalahok ay magdadala ng "Showy Board at Chalk."

**Pamantayan sa Madulang Sabaysng Pagbigkas**

| | | |
|---|---|---|
| Interpretasyon - (Tinig 25%, Bigkas 25%, Koyografi 10%) | 60 | |
| Pyesa | 15% | |
| Pagkamalikhain - ( Angkop na props, atb. 5%, Pagkamakatotohanan 5%) | 10% | |
| Sangkap na Teknikal | 5% | |
| Hikayat sa madla | 10% | 100% |

**SALINGWIKAWIT-pagsasaling-wika at pag-awit**

| | | |
|---|---|---|
| 1. PAGSASALIN AT PAG-AWIT-(Wastong pagsasalin ng Ingles na awit sa Wikang Filipino at lapat na pag-awit sa orihinal nitong himig.) | 40% | |
| 2. PAGLALAPAT NG TUNOG -(Naaayon sa himig ang mga instrumentongmusical/maaari ring tunog na likha ng tao (tunog ng tao) | 30% | |
| 3. KASUOTAN AT PROPS-(Naaangkop ang kasuotang ginamit na mula sa mga niresiklong bagay (Recycled Materials) | 20% | |
| 4. DATING SA MADLA- ( Kahanga-hanga at katanggao-tanggap sa manonood ang presentasyon) | 10% | 100% |

**SADULAWIT- Sayaw, Dula, at Awit**

| | | |
|---|---|---|
| 1. PAG-AWIT-(kalidad ng tinig, tono, tiempo at damdamin) | 25% | |
| 2. PAGSAYAW- ( Koryograpi at interpretasyon) | 25% | |
| 3. PAGSASADULA - (Kahusayan sa pag-arte, koordinasyon sa dula ng awit at sayaw) | 35% | |
| 4. KASUOTAN AT PROPS – (Kaakmaan ng kasuotan sa ipinamalas na presentasyon) | 10% | |
| 5. DATING SA MANONOOD – (Kahanga-hanga at katanggap-tanggap ang presentasyon) | 5% | 100% |

**PAMANTAYAN SA BALAGTASAN**

| | | |
|---|---|---|
| PIYESA - (Paglinaw sa Paksa 20%, Pagtatagpo ng Katwiran 15%, Husay ng Katwiran 15%) | 50% | |
| PAGBIGKAS - (Linaw ng Pagbigkas 30%, Tindig at Kilos 15%, Kasuotan 5%) | 50% | 100% |

**POSTER MAKING:**

| | |
|---|---|
| Kaangkupan sa Tema | 40% |
| Hikayat sa Paningin | 30% |
| Orihinal | 30% |
| KABUUAN | 100% |

**PAGSULAT NG SANAYSAY:**

| | |
|---|---|
| Nilalaman (Pagkakalahad sa paksa) | 20% |
| Kaayusan ng ideya | 15% |
| Kaisahan ng Diwa | 15% |
| Antas ng wika, gramatika | 20% |
| Anyo at istilo | 20% |
| Orihinalidad | 10% |
| KABUUAN | 100% |

By:

ESTRELITA M. MARASIGAN

Division Coordinator-FILIPINO

## Lupon ng Inampalan para sa Elementarya at Sekundarya (Agosto 26, 2011)

| Elementarya | Sekundarya |
|---|---|
| I. Galing sa Pagbasa ng Grade 2: | I. Sabayang Pagbigkas |
| Tagapangulo: Bb. Estela Castillo | Tagapangulo: Dr. Milagros O. Luang |
| Gng. Imelda Banaag | G. Efren Galera |
| Gng. Azucena Apollo | Bb. Consuelo Yumang |
| II. Tagisan ng Talino ng Grade 3 at 4: | II. Sadulawit: |
| G3 Tagapangulo: Bb. Imelda Hilario | Tagapangulo: Gng. Natividad V. Nacino |
| Dr. Julie Bellen | Gng. Elizabeth G. Paraiso |
| Gng. Victoria Bonode | Gng. Juanita M. Pangilinan |
| G4 Tagapangulo: Gng. Florian L. Ruiz | III. Pagsulat ng Sanaysay: |
| Gng Gemma Pesigan | Tagapangulo: Gng. Rosalinda A. Catan |
| Gng. Maria Luisa Palma | Gng. Rita Y. Cleto |
| III. Sabayang Pagbigkas Grade 5 at 6: | Gng Delia C. Sibulo |
| Tagapangulo: Gng. Teresita P. Machado | IV. Balagtasan: |
| Gng. Jocelyn S. Cruz | Tagapangulo: Gng. Rosita R. Santiago |
| G. Juanito G. Fonacier Jr. | Gng. Wilma C. Masigan |
| | Gng. Wilma C. Obras |
| | V. Poster Making: |
| | Tagapangulo: Gng. Merlin N. Villegas |
| | Gng. Wilma C. Manio |
| | Gng. Tamondong |
| | VI. Salingwikawit: |
| | Tagapangulo: G. Gerry F. Isip |
| | G. Antonio R. Abletes |
| | Gng. Agnes C. Noble |
| | VII. Tagisan ng Talino: |
| | Tagapangulo: Bb. Ma. Trinidad S. Ferrer |
| | Gng. Rhona C. Flores |
| | Gng. Adela Salvador |

Mrs. Maradigan